

Kalinisan

Mapoprotektahan mo ang mga manggagawa at ang iba pa laban sa panganib ng pagkalantad sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga hakbang sa ibaba upang tiyakin na ang mga manggagawa ay nag-uugali ng tamang kalinisan.

Dapat mong konsultahin ang mga manggagawa at mga kinatawan sa kalusugan at kaligtasan tungkol sa mga bagay na pangkalusugan at pangkaligtasan na kaugnay sa COVID-19, kabilang ang tungkol sa paglalapat ng pangkontrol na mga hakbang sa iyong lugar ng trabaho.

Kalinisan ng manggagawa at bisita

Dapat mong atasan ang mga manggagawa at mga bisita sa lugar ng trabaho na ugaliin ang tamang kalinisan, kabilang ang madalas na paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig nang mga 20 segundo at pagtutuyo ng mga ito gamit ang malinis na papel na tuwalya.

Ang mga kamay ay dapat hugasan:

- bago kumain at matapos kumain
- matapos umubo o bumahin
- matapos gumamit ng toilet, at
- kapag nagpapalit ng gawain at matapos hawakan ang potensyal na nahawahang ibabaw ng mga bagay.

Dapat kang magbigay ng mga hand sanitiser (panlinis ng kamay) na may alcohol na may 60% man lamang na ethanol o 70% na isopropanol bilang aktibong sangkap kapag hindi posibleng maghugas ng mga kamay.

Ang tamang kalinisan ay mangangailangan din sa mga manggawa at mga bisita na:

- takpan ang pag-ubo at pagbahin ng kanilang braso o tisyu (huwag dudura)
- iwasan ang paghipo/paghawak sa kanilang mukha, mga mata, ilong at bibig
- itapon ang mga tisyu at mga upos ng sigarilyo sa mga may takip na basurahan
- maghugas ng mga kamay bago manigarilyo at matapos manigarilyo
- maglinis at magdisimpekta ng kagamitan matapos ang paggamit ng mga ito
- maghugas ng katawan, buhok at balbas/bigote, at labhang mabuti ang mga damit araw-araw, at
- huwag magkaroon ng sinasadyang kontak na pisikal, halimbawa, pakikipagkamay

Upang pabutihin ang mga kalalabasan ng tamang kalinisan:

- konsultahin ang iyong mga manggagawa kapag bumubuo ng mga patakaran upang hadlangan ang pagkalat ng nakakahawang sakit at ipabatid ang mga patakaran sa mga manggagawa

- sanayin ang mga manggagawa tungkol sa kahalagahan ng wastong paghuhugas ng kamay bago pumasok at paglabas sa isang panlahat na lugar
- magdisplay ng mga [paskil \(posters\)](#) na nagpapakita kung paano ang wastong paghuhugas at pagtutuyo ng mga kamay at ang paggamit ng sanitiser, at
- ipaalam sa mga manggagawa ang inaasahang mga pamantayan ng kalinisan kapag gumagamit ng panlahat na mga lugar (kanya-kanyang paglilinis pagkatapos), magtapon ng basura sa mga nakalaang basurahan, pag-iwas ng pagpapatong ng mga bagay katulad ng mga mobile phone sa ibabaw ng mga mesang kinakainan)

Dapat kang regular na magmonitor at magrebyu ng pagpapatupad ng pangkalinisang mga hakbang upang tiyakin na ang mga ito ay sinusunod at nananatiling epektibo.

Mga pangkalinisang pasilidad

Dapat mong tiyakin na ang mga pangkalinisang pasilidad ay sapat, magagamit, nasa mabuting gumaganang kondisyon, at ligtas upang gamitin.

Dapat mong tasahin kung kailangan mong magbigay ng karagdagang pasilidad sa paghuhugas, mga silid-bihisan, at mga lugar ng kainan. Dapat mong tiyakin na may angkop na bilang ng mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay sa mga malalapit na lokasyon para sa mga manggawa upang ugaliin ang tamang kalinisan.

Kapag kakaunti ang mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay, maaaring maglaan ng mga lugar para gumamit ng hand sanitiser sa mga pasukan at labasan.

Ang mga suplay sa mga pasilidad sa paghuhugas katulad ng toilet paper, sabon, at mga papel na tuwalya ay dapat gawing sapat.

Upang alamin ang bilang ng kinakailangang mga pasilidad, pag-isipan ang bilang ng mga manggagawa sa sityo, mga nagtatrabaho ng shift, at kung kailan kailangang gamitin ang mga ito, kabilang ang sinumang mga manggagawa na bumabalik sa trabaho makaraan ang temporary downsize (pansamantalang pagpapaliit sa bilang ng mga nagtatrabaho).

Kung lilikha ng bagong mga kainan o panlahat na lugar upang maisagawa ang pisikal na pagdistansya, tiyaking ang mga ito ay maa-access mula sa lugar ng trabaho, may sapat na kagamitan (halimbawa, inuming tubig, mga basurahan), at protektado laban sa mga elemento, mga nakahahawang bagay at mga panganib. Pag-isipan ang pagbubukas ng mga bintana o pag-aakma ng air conditioning para sa higit pang bentilasyon o limitahan o bawasan ang pag-ikot ng hangin ding iyon ng air conditioner hangat maaari.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [Safe Work Australia website](https://www.swa.gov.au/coronavirus).